# 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF

## ANG AMING ROADMAP SA 100% RENEWABLE NA ENERHIYA

Layunin ng San Francisco na magkaroon ng 100% renewable na kuryente bilang bahagi ng Plano ng Pagkilos para sa Klima ng Lungsod. Bilang iyong lokal na provider ng malinis na power, tumutulong ang CleanPowerSF na isakatuparan ang layuning ito.

Kada dalawang taon, dapat na i-update ng CleanPowerSF ang roadmap nito sa pagsu-supply ng kuryente na tumutugon sa demand ng customer. Ang roadmap na ito, na kilala rin bilang Integrated na Plano sa Resource (Integrated Resource Plan, IRP), ay sumasalamin sa aming pagpaplano at pamumuhunan sa resource ng enerhiya para sa susunod na 20 taon at nakakatulong ito sa amin na maunawaan ang nagbabagong merkado at mga kundisyong panregulatoryo, at timbangin ang mahahalagang pagbabalanse sa aming paglalakbay patungo sa 100% renewable na kuryente. Natutugunan ng IRP ng CleanPowerSF ang mga panregulatoryong kinakailangan at nilalayon nitong salaminin ang mga layunin ng aming programa na nakapalibot sa pagiging abot-kaya, pamumuhunan sa malinis na kuryente, at pagkamaaasahan ng singil at pananalapi.

Ipinag-aatas ng estado ng California na magsumite ang CleanPowerSF ng Integrated na Plano sa Resource (IRP) kada dalawang taon. Inaasahan ng Komisyon ng mga Pampublikong Utility ng California (California Public Utilities Commission, CPUC) ang susunod na IRP ng CleanPowerSF sa Nobyembre 1, 2022.

Para tingnan ang page na ito sa Spanish, Chinese, o Tagalog (Filipino), paki-click ang mga naaayong link.

## MAHAHALAGANG PETSA SA 2022 INTEGRATED NA PLANO SA RESOURCE

Inaasahan ng Komisyon ng mga Pampublikong Utility ng California ang 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF sa Nobyembre 1, 2022. Nakikipagtulungan ang team ng CleanPowerSF sa mga external na consultant para

i-develop ang plano, na nangangailangan ng teknikal na pagsusuri at tumutugon dapat sa mga partikular na panregulatoryong kinakailangan. Narito ang ilang mahahalagang petsa* sa proseso ng pag-develop ng Integrated na Plano sa Resource:

- **Setyembre 13:** Meeting ng Komisyon ng SFPUC tungkol sa 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF (presentation at talakayan).
- **Linggo ng ika-19 ng Setyembre:** Ilalabas ang mga paunang resulta ng modeling para sa 2022 Integrated na Plano sa Resource. Magbubukas ang panahon para sa nakasulat na pampublikong komento. Ang mga miyembro ng komunidad ay makakapagbigay ng mga komento sa mga resulta ng modeling hanggang Oktubre.
- **Katapusan ng Setyembre:** Ilalabas ang lahat ng resulta ng modeling para sa 2022 Integrated na Plano sa Resource.
- **Oktubre 11:** Meeting ng Komisyon ng SFPUC tungkol sa 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF (presentation at talakayan).
- **Oktubre 11:** Meeting ng Power Subcommittee ng Komite sa Pagpapayo ng Mamamayan (Citizens' Advisory Committee, CAC) tungkol sa 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF (presentation at talakayan).
- **Oktubre 14:** Magsasara ang panahon para sa nakasulat na pampublikong komento nang 5pm PST sa Biyernes, ika-14 ng Oktubre.
- **Oktubre 21:** Meeting ng Komisyon ng Lokal na Samahan ng Ahensya (Local Agency Formation Commission, LAFCo) sa San Francisco tungkol sa 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF (presentation at talakayan).
- **Oktubre 24:** Meeting ng Komisyon ng SFPUC (Espesyal) tungkol sa 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF (talakayan at pagpapasyang tanggapin ang pinal na plano).
- **Nobyembre 1:** Deadline para sa pagsusumite ng Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF sa Komisyon ng mga Pampublikong Utility ng California (CPUC).

***Paalala:** puwedeng mabago ang ilang petsa. Magbibigay ang CleanPowerSF ng mga update sa anumang pagbabago sa iminumungkahing iskedyul na ito.*

# IBAHAGI ANG IYONG INPUT AT FEEDBACK

Ibahagi ang iyong mga ideya, opinyon, at input sa 2022 Integrated na Plano sa Resource at sa proseso nito!

### BALIKAN ANG MGA RESULTA NG MODELING

**Ang mga resulta ng modeling ay ibabahagi sa publiko kapag nakumpleto na ang pagsusuri. Ang lahat ng resulta ng modeling ay gagawing available sa publiko bago ang katapusan ng Setyembre.**

TINGNAN ANG MGA RESULTA NG MODELING

Ang pagsusuri sa modeling na isinagawa para sa Integrated na Plano sa Resource ay tumitingin sa iba't ibang sitwasyon ng pagpaplano ng enerhiya, para mapagpasyahan ang isang "gustong" portfolio. Ang mga mino-model na sitwasyon ay iginugrupo sa mga portfolio at natutukoy ang mga ito bilang "umaayon" o "alternatibo" batay sa mga input at palagay sa mga ito.

### Mga Resulta ng Umaayong Portfolio

- Gumagamit ng mga input at palagay na ibinigay ng Komisyon ng mga Pampublikong Utility ng California (California Public Utilities Commission, CPUC)
- Dahilan ng mga layunin at target sa buong estado
- Minimal na flexibility para maibilang ang mga lokal na layunin at target

### Mga Resulta ng Alternatibong Portfolio

- Gumagamit ng mga input at palagay na napagpasyahan ng CleanPowerSF
- Dahilan ng mga lokal na layunin at target:
    - Electrification ng transportasyon
    - Decarbonization ng gusali
- Nagbibigay ng flexibility para maibilang ang mga kagustuhan ng komunidad

### PANAHON PARA SA NAKASULAT NA KOMENTO

Ang panahon ng mga nakasulat na pampublikong komento para sa 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF ay sarado na. Tingnan sa ibaba ang mga natanggap na komento.

**TINGNAN ANG MGA NAKASULAT NA KOMENTO**

**Paalala:* *Para masuri ang dokumento sa pinakamainam na paraan, iminumungkahi naming gamitin ang feature sa pag-zoom para magawang mas malaki at mas nababasa ang text.*

Puwede ring magbigay ng mga komento ang mga miyembro ng publiko tungkol sa 2022 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF sa **meeting ng Komisyon ng SFPUC** sa **Lunes, Oktubre 24** nang **1:30pm**. Para sa mga detalye ng meeting, bisitahin ang sfpuc.org/commission.

Para sa anumang tanong tungkol sa panahon ng nakasulat na komento, makipag-ugnayan sa amin

### MGA SESSION NG VIRTUAL NA PAKIKINIG

Nag-host ang CleanPowerSF ng mga session ng virtual na pakikinig noong Setyembre 29 at Oktubre 5 kung saan nabigyan ng pagkakataon ang mga customer at miyembro ng komunidad na makapaghain ng mga tanong, alalahanin, at feedback nang direkta sa staff ng CleanPowerSF.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa panahon para sa nakasulat na komento mula sa publiko o iba pang paraan ng pagbibigay ng feedback tungkol sa Integrated na Plano sa Resource, makipag-ugnayan sa amin.

## BUOD NG FEEDBACK SA NGAYON (HUNYO-HULYO)

Simula Hunyo 2022, ang CleanPowerSF ay humingi ng feedback mula sa mga customer at miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng isang digital na survey, mga virtual na workshop, at mga naka-iskedyul na presentation para tukuyin ang mga nauugnay na tema at para itasa ang mga pananaw na nauugnay sa pagpaplano ng 100% malinis na kuryente at resource.

**Online na Survey**
**Ang survey, na inilunsad noong Hunyo 5 at nanatiling bukas hanggang Hulyo 6, ay nakasara na ngayon. Matitingnan ang mga resulta ng survey** dito.

**Mga Workshop sa Komunidad**
**Ang Electrify Your City: Mga workshop para sa Pagpaplano ng Renewable na Enerhiya para sa Aksyon sa Klima ay isinagawa noong Hunyo 21 at Hunyo 23. Para tingnan ang presentation na ibinigay ng CleanPowerSF sa mga miyembro ng komunidad at mga customer, mag-click** dito.

**Recap ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad**
**Para sa isang buod ng mga naisagawang pakikipag-ugnayan sa komunidad sa ngayon, mag-click** dito.

## MGA FAQ

### ANO ANG INTEGRATED NA PLANO SA RESOURCE?

Sinusuri ng Integrated na Plano sa Resource (Integrated Resource Plan, IRP) ang demand sa enerhiya at sitwasyon ng supply sa loob ng 20 taon at pinapag-aralan nito ang iba't ibang portfolio ng opsyon para sa paghahatid ng maaasahang kuryente sa pinakamurang halaga habang tinutugunan ang aming mga layunin sa programa na nakapalibot sa pagiging abot-kaya, pamumuhunan sa malinis na kuryente, at pagkamaaasahan ng singil at pananalapi.

### BAKIT KAMI GUMAGAWA NG DRAFT NG INTEGRATED NA PLANO SA RESOURCE?

Ang aming proseso sa Integrated na Plano sa Resource (IRP) ay isang kapaki-pakinabang na tool sa pagpaplano at panregulatoryong kinakailangan. Inaatasan ng Estado ng California ang lahat ng provider ng kuryente na magsumite ng IRP sa Komisyon ng mga Pampublikong Utility ng California (CPUC) kada dalawang taon. Pinagsasama-sama ng CPUC ang lahat ng IRP na isinumite sa pamamagitan ng mga load serving na entity sa buong California para subaybayan ang pag-usad ng estado sa mga layunin at plano nito sa pagpapababa ng emisyon para sa mga karagdagang pangangailangan sa pamumuhunan sa resource.

## PAANO KO MAIBABAHAGI ANG AKING FEEDBACK SA PLANO SA INTEGRATED NA RESOURCE?

Magkakaroon ang mga stakeholder ng maraming pagkakataon para magbigay ng feedback sa 2022 IRP ng CleanPowerSF sa pamamagitan ng online na survey at mga workshop sa Hunyo, at panahon para sa nakasulat na komento mula sa publiko sa Setyembre. Tatanggapin ng Komisyon ng SFPUC ang pinal na IRP sa Oktubre bago magsumite ang CleanPowerSF sa Komisyon ng Mga Pampublikong Utility ng California (CPUC). Para sa mga tanong tungkol sa mga pagkakataon sa pagbibigay ng feedback sa IRP, paki-email kami rito.

# RECAP NG 2020 INTEGRATED NA PLANO SA RESOURCE NG CLEANPOWER

Isinumite ng CleanPowerSF ang 2020 Integrated na Plano sa Resource nito sa Komisyon ng mga Pampublikong Utility ng California noong Setyembre 2020. Salamat sa mga nagbigay ng feedback sa cycle ng 2020 Integrated na Plano sa Resource. Para tingnan ang natanggap na “Mga Nakasulat na Komento,” mag-click dito.

**Suriin ang 2020 Integrated na Plano sa Resource ng CleanPowerSF sa pamamagitan ng pag-navigate sa mga link sa ibaba:**

- Buod ng 2020 IRP ng CleanPowerSF
- Pagsusuri, Mga Natuklasan at Resulta ng 2020 IRP ng CleanPowerSF
- Ulat sa Lokal na Renewable na Enerhiya ng CleanPowerSF (Marso 2020)
- Narrative ng IRP ng CleanPowerSF
- Template ng Appendix C 38 MMT Preferred Conforming Portfolio Resource Data
- Template ng Appendix D 46 MMT Preferred Conforming Portfolio Resource Data
- Appendix E 38 MMT Preferred Conforming Portfolio Clean System Power Calculator
- Appendix F 46 MMT Preferred Conforming Portfolio Clean System Power Calculator

## MGA RESOURCE AT LINK

- Template ng Narrative ng CPUC IRP
- Mga Alituntunin ng CPUC IRP
- Mga Agenda sa Meeting ng Komisyon ng SFPUC